



## na ito ay tinanong tungkol sa pagbigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan)

Ayon sa Anak ni Abū Mulaykah: ayon sa isa sa mga maybahay ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): {Nagsabi si Abū `Āmir: Nagsabi si Nāfi` : Nakakita ako sa kanya, kay Ḥafṣah, na ito ay tinanong tungkol sa pagbigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya nagsabi ito: "Tunay na kayo ay hindi makakakaya niyon." Nagsabi iyon: Kaya sinabi rito: "Magpabatid ka sa amin hinggil doon." Nagsabi iyon: Kaya bumigkas ito ng pagbigkas na nagpapakahinay-hinay ito roon. Nagsabi si Abū `Āmir: Nagsabi si Nāfi` : Kaya gumaya para sa amin ang Anak ni Abū Mulaykah: "Alḥamdu lillāhi rabbi -l`ālāmin (Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang) (Qur'ān 1:2) pagkatapos huminto siya, "Arraḥmāni -rraḥīm (ang Napakamaawain, ang Maawain)." (Qur'ān 1:3) pagkatapos huminto siya, "Māliki yawmi -ddīn (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas) (Qur'ān 1:3)"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Tinanong si Ḥafṣah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya): "Papaano noon ang pagbigkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng Qur'ān?" Kaya nagsabi ito: "Tunay na kayo ay hindi makapagkakaya sa tulad niyon." Kaya sinabi rito: "Magpabatid ka sa amin." Nagsabi si Nāfi` : Kaya bumigkas para sa amin ang Anak ni Abū Mulaykah ng pagbigkas ng pagdadahan-dahan dito upang magaya at mapalapit para sa kanila ang pamamaraan ng pagbigkas ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka bumigkas siya: "Alḥamdu lillāhi rabbi -l`ālāmin (Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang) (Qur'ān 1:2) pagkatapos huminto siya sa pagbigkas, "Arraḥmāni -rraḥīm (ang Napakamaawain, ang Maawain)." (Qur'ān 1:3) pagkatapos huminto siya sa pagbigkas, "Māliki yawmi -ddīn (ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas) (Qur'ān 1:3)"

<https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65247>

